# 1

Mixed emotions pa rin ang kalooban ni Faith nang marinig ang tatlong mahihinang katok sa pinto ng kanyang kuwarto. Saglit niyang pinahid ang luha sa mga mata.

"Laine, is that you?" she asked, heading toward the door.

Wala siyang narinig na tugon pero dahil sa pag-aakalang ang kaibigan nga ang dumating, walang alinlangan niyang binuksan ang pinto. Wala siyang ibang ini-expect na bisita liban sa matalik na kaibigan.

Wala ang mga magulang niya kaya imposibleng ang mga ito ang kumatok. Isa pa, kagabi pa ay binalaan na niya ang mga katulong na huwag siyang gagambalain kung di rin lang emergency.

"C-Cliff!" gulat niyang sambit. Sino ang mag-aakala na ito ang nasa labas? "Why are you here? I mean, when did you arrive?"

Pahinamad itong ngumiti bago nagsalita. "I came here like a knight in a shining armor to rescue the damsel in distress."

Kung hindi lang siya nagluluksa ngayon sa sinapit ng kanyang lovelife ay tinawanan niya ang tila birong iyon ng nakatatandang kapatid ng kanyang matalik na kaibigan.

"I do deserve a welcome hug and kiss from you, Faith, right?" Tila nanunukso pa rin ito. "I just arrived yesterday afternoon. It's been two years since I left for the Middle East kaya di birong pagka-miss ang naramdaman ko for you all," dugtong pa nito.

Kumurap muna nang makailang beses si Faith as if internalizing his words.

"Oh, Cliff!" nasabi na lang ng dalaga bago yumakap nang mahigpit sa kaharap.

She cried hard on his shoulders na tila ba nakakita ng kakampi sa pighating nararanasan ngayon.

Hinayaan siyang umiyak ng binata. Niyakap siya nito gamit ang kaliwang kamay habang humahagod sa kanyang nakalugay na mahabang buhok ang kanang kamay nito. His actions were indeed comforting and soothing to her wounded soul.

"Pagpasensyahan mo na ako, Cliff, kung sa ganitong paraan pa kita sinalubong. We should have celebrated your homecoming," apologetic niyang saad nang mahimasmasan.

"Maraming pagkakataon pa naman, di ba? Like my welcome party on Saturday evening, for instance. I expect by that time, you've already moved on from whatever pain you are suffering right now."

She looked at him with admiration. Noon pa man ay hinangaan na niya ito dahil sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay. Di ba nga ito ang madalas magpasaya sa gloomy days niya noong kabataan nila?

"Ahh…halika sa veranda tayo," yaya niya habang mabilis na pinahid ang hilam sa luhang mga mata. "Magpapahanda ako ng merienda kay Manang Josefa."

"Ako na ang maghahanda ng merienda natin. Ayusin mo na muna ang sarili mo then wait for me at the veranda."

Nakababa na si Clifford ay nakatayo pa rin siya sa pintuan ng kanyang kuwarto. Hindi pa rin siya makapaniwalang sa halip na ang best friend na si Lalaine ang naparito para damayan siya sa kanyang pighati ay ang kapatid nito ang dumating. Pero naisip niyang mas makabubuting si Cliff ang maging confidante niya ngayon. At least may male perspective siya kung dapat ba niyang ipagluksa o tanggapin na lang ang kabiguan. Siguro naman hindi ito magiging

biased sa pagpapayo kahit pa close na close siya rito.

Nang mapagtantong masyado na niyang nasasayang ang oras na ibinigay ni Clifford para ayusin ang kanyang sarili ay bumalik agad siya sa loob ng kuwarto at sinipat ang sarili sa vanity mirror.

She looked really awful. Magulo ang kanyang buhok at pugtong-pugto ang kanyang mga mata. Ni hindi niya pinagkaabalahang maligo o mag-toothbrush man lang ngayong araw.

Tahimik siyang napaungol sa nakita. Nagmamadaling tinungo niya ang banyo para maghilamos at magsipilyo. Kaya ba sinabi ni Clifford na ayusin niya ang sarili niya?

Sa kabilang banda, bakit ba siya nag-aalala kung magmukha man siyang engot sa harapan ni Clifford? He'd seen worse, noong mga bata pa sila. Isa pa, parang kapatid na niya ito kaya bakit siya mako-conscious?

But in the end, she chose to fix herself.

"Faith," boses ni Clifford.

"I'm still in the bathroom," sagot niya habang nilalagyan ng facial foam ang mukha.

"Okay, sumunod ka na lang sa veranda."

Nakangiti si Clifford habang ipinaghihila siya ng upuan. "I prepared clubhouse sandwiches and a glass of fruit juice for you. Nagluluto pa nag brunch 'yung cook. Alam kong wala ka pang kinakain and I haven't eaten anything either kaya makikikain uli ako rito just like the old days."

Bahagya siyang napangiti sa sinabi nito. How she missed him. Dalawang taon din silang hindi nagkita mula nang tanggapin nito ang ilang architectural projects abroad. Pagkatapos ay nag-expand pa ang company na hawak nito roon.

"Come on, eat those sandwiches, Faith. Hindi makakatulong sa 'yo ang mag-hunger strike," he convinced her.

Dinampot niya ang sandwich at kumagat nang kaunti roon.

"Know what I really missed here in the Philippines? It's when I'm here in your veranda, eating something with you, Faith. I even missed your laughter," seryoso nitong sabi.

Natigil sa ere ang kamay niyang may hawak na malamig na baso ng fruit juice.

"Alam mo bang gusto kong mabuwisit kay Lalaine kahapon pagdating ko nang ibilin sa akin to check her answering machine for her while she's away. But when I got your message and heard your sobs over the machine this morning when I woke up, I'm just glad my sister trusted me with her stuff," ang sabi pa nito.

That explained why he came instead of Lalaine. Pero kahit papaano ay nagpapasalamat siya at ang binata ang narito ngayon. Baka mas marami itong mai-a-advice sa kanya kaysa sa maibibigay ni Lalaine.

"Thank you for coming over, Cliff. I really needed someone to talk to," aniyang nagsimula na namang manubig ang mga mata.

Inabot ni Cliff ang isang kamay niya at marahang pinisil iyon.

"Hindi ka na iba sa akin kaya kahit nakakahiyang mag-share about my broken heart, I will." Lumugwak na talaga ang luha sa mga mata niya. Akala niya ay natuyo na ang mga iyon kasi kagabi pa siyang umiiyak.

In between her sobs, she told Clifford about her so-called love story. She started it with how she met Christian, her love interest, and how they got close to

the point where she thought they already have mutual understanding. Pero kung kailan inakala niyang they would end up together, nakilala ng binata ang kanyang nakababatang kapatid na si Leah. Christian even asked her to play cupid between her sister and him, kaya naman nadurog ang puso niya. At ngayon nga ay magkasintahan na ang dalawa.

"Alam mo 'yong pakiramdam ng nadaya ka? 'Yong umasa ka sa wala?" tanong niya.

"Excuse po, Señorita Faith. 'Eto na po 'yong pagkain ninyo," anang isa sa dalawang katulong na may dala ng mga pagkain nila.

Agad niyang pinahid ang luha gamit ang panyong ibinigay ni Clifford kanina.

"Pakilagay na lang ho rito sa mesa. Kami na ho ang bahalang mag-ayos," anang binata na ipinahiwatig agad na bigyan sila ng privacy.

Tumalima naman ang mga ito at agad na umalis.

"Here, drink this." Inabutan siya nito ng isang basong tubig.

Nagluwag kahit paano ang pakiramdam niya matapos uminom ng kaunting tubig.

"I suggest we eat first. It's not good for our health

to skip meals, right?"

Tumango siya bilang pagsang-ayon dito. At kataka-takang naubos niya ang pagkaing inilagay ng binata sa plato niya. May kakaibang pang-udyok marahil ito kaya kahit na wala siyang ganang kumain ay nagawa pa rin siyang pakainin nito. At wala man silang gaanong napag-usapan habang kumakain ay gumaan nang bahagya ang kalooban niya.

Ngayong hindi na masyadong magulo ang isip niya, she needed to ask Clifford the question that had lingered in her mind since Christian said that he was going to court Leah.

"Cliff."

Napatingin ito sa kanya nang derecho. Tapos na itong kumain.

"Ahh…" nagdadalawang-isip niyang umpisa, "How… how do you find me, Cliff?" sa wakas ay naisatinig din niya.

Napakunot-noo ang kaharap.

"I mean, am I desirable, lovable?" she desperately asked. Malapit na namang bumigay ang luha niya.

Clifford looked intently into her eyes. He was reading her from deep within.

Saglit siyang natigilan sa ginawa nitong iyon. Bigla siyang kinabahan sa maaaring isagot nito sa mapangahas niyang tanong.

"Of course, Faith, you are lovable," he answered with a gentle smile.

"Pero bakit mas pinili pa rin ni Christian ang kapatid ko? Is it because of the way I look, my being so simple and plain?" was her outburst.

"Oh, Faith!" Parang naaawa ito sa kanya. Inabot siya nito at niyakap nang mahigpit.

"Dahil ba sa hindi ako marunong magpaganda at pumili ng damit na babagay sa akin kaya hindi ako magustuhan ng mga tulad mo, Cliff? Gan'on na ba talaga ako kahiya-hiya sa harap ng ibang tao para hindi nila pansinin ang mga katulad kong 'nerdy'? Ano ba ang batayan n'yong mga lalaki sa tunay na kagandahan ng isang babae?" sunud-sunod na tanong niya.

Kumalas ang binata sa pagkakayakap sa kanya at ikinulong ng malalaking palad nito ang hugis puso niyang mukha.

"Ang tunay na kagandahan ay hindi lamang nakikita ng mga mata kundi nararamdaman din ng puso, Faith. For me, you're truly beautiful. And I don't

think you look awful just because of the clothes you choose to wear. As for Christian, I can't be his judge, because Leah was his choice. Hindi natin saklaw ang damdamin niya. Hindi rin naman natin sigurado kung ano ka talaga sa kanya, di ba?" mahabang paliwanag nito.

Natahimik siya sa sinabi nito.

"Ang tanging pakiusap ko lang sa 'yo, don't waste your time crying over him. Marami ka pang makikitang mas nakahihigit sa kanya. A guy who will love you for who you are and will stand by you come what may. Hindi pa katapusan ng mundo, Faith."

Napaisip siya. What he'd said definitely made sense. Naging assuming lang siya na may mutual understanding sila ni Christian. Baka simpleng pakikipagkaibigan lang ang ini-offer nito and she just misinterpreted his gentlemanly behavior. Wala naman talagang binanggit na kahit na ano ang binata sa kanya na nagpapahiwatig na may pagtingin nga ito sa kanya.

"So paano kung may dumating ngang guy? How will I know that he loves me and that his intentions are true?" she innocently asked. Hindi na siya umiiyak ngayon.

"You will know, Faith. Mararamdaman mo iyon."

"But I did feel na parang mahal nga ako ni Christian," she argued.

Napangiti si Clifford sa naging tugon niya.

"'Yan, 'yang salitang 'parang' na 'yan ang problema. Dapat ay sigurado ka sa nakikita at nararamdaman mo, Faith. Hindi yong nangangapa ka sa dilim. Love is like the wind, you can feel it though it's not visible. It is capable of moving things. Kapag totoo kang mahal ng isang lalaki, hindi lamang ikaw ang makararamdam ng pag-ibig na 'yon. The people around you especially those closest to your heart will be able to see and feel it, too. Love is pure and genuine kaya hindi ito nandadaya o nanloloko. And it never fails, Faith."

Napatingin siya sa kaharap. How could he know so much about love? Was he talking out of experience? Gaano na ba sila katagal na hindi nag-uusap nang puso sa puso ng lalaking ito para hindi niya malaman ang tungkol sa lovelife nito?

"You looked surprised sa sinabi ko." Tila nanunukso na naman ang tono nito. "I do hope I made sense."

"You did, Cliff, and I thank you for that. And

thanks for hearing my story. I'm really glad that it was you who came. You seem to be an expert on love. You must be talking out of experience," she commented.

Bahagyang natawa ito sa huling tinuran niya. "I will take your last statement as a compliment, Faith."

Isang malalim na buntong-hininga ang pinawalan niya.

"What's that for?"

Pinilit niyang ngumiti. "Just to clear up my airways and feel good again."

"Itulog mo lang 'yan. I know you haven't rested yet kaya lalo kang nagkaganyan. Halika, ihahatid na kita sa kuwarto mo."

"Aalis ka na?"

"Of course not. I still have to meddle in the kitchen. Sayang 'yong mga natutunan kong bagong recipe abroad if I won't prepare anything special for you."

Isang tunay na ngiti ang pinawalan niya. She was so glad to see him again. With Cliff, hindi niya kailangang isipin na nerd siya at weird, hindi niya kailangang magkunwari. Like her best friend, he was one of the few people she really treasured and cared

about. She was really happy to have him back.

# 2

Nagulat si Faith paggising nang makita ang isang stuffed toy sa tabi niya. Dinampot niya iyon at iniharap sa sarili para mapagmasdang maigi.

"O gising ka na pala," anang boses lalaki sa pintuan.

Napatingin siya roon. "Sa 'yo galing 'to?"

"Uh-huh. I know you how you like them kaya binili ko 'yan bilang pasalubong sa 'yo. You like it?"

"I do. Thank you, Cliff."

"You're welcome," nakangiti nitong tugon. "Get off the bed. It's time for lunch. Nagluto ako nang masarap na tanghalian."

"Huh? Lunchtime na ba?" ang nagunlantang niyang sambit sabay tingin sa digital clock na nasa side table. "God, I overslept."

"O di nakatulong sa 'yo ang pagpapa-body massage natin yesterday afternoon."

"Yeah, it did. Thanks for being so insistent anyway. Ilang gabi na akong hindi nakakatulog nang

maayos."

"Stop thanking me, will you? Kahapon ka pang ganyan. Ang mabuti pa bumangon ka na riyan. Fix yourself and get dressed. Bibisita tayo sa flower farm ng Mama pagkatapos nating mananghalian para naman may diversion ka. Hindi 'yong nagkukulong ka lang rito. Lalo kang nalulungkot," suhestiyon nito.

Pagkalabas ng binata ay nagtungo na rin siya sa banyo para maligo. Nang magbibihis na sana siya ay natigilan si Faith. Anong damit ang isusuot niya papunta sa flower farm? Ang mayroon lang siya ay mahahabang palda at long-sleeved blouses.

*Oh God! Mukha lalo akong manang sa tabi ni Cliff,* naisip niya.

Saglit siyang naupo sa harap ng vanity mirror, pagkuwa'y tumayo at sinipat ang sarili sa salamin. She faked a smile while looking at her own reflection. Tila yata naging malambot na siya sa mga kritisismo ng mga tao at hindi na niya nagugustuhan ang simpleng dalagang nakikita niya ngayon.

Muli niyang binalikan ang kanyang closet. Kailangan niyang makahanap ng damit na maisusuot, iyong hindi siya balot na balot.

Halos nailabas na niya lahat ng nakatuping

damit, may hindi na ginagamit at hindi pa nagagamit. She was really desperate to find something different. Pati damit niya noong college pa siya ay pinatulan na niyang halungkatin.

She was about to give up when she saw a pretty yellow floral summer dress. Naalala niyang regalo iyon ng isang kaibigan ng Mommy niya noong college graduation niya ngunit hindi niya nagamit kailanman kasi short sleeved iyon at hanggang tuhod ang haba. She wasn't used to wearing such dresses. But now she could only feel grateful that she had kept it.

Nagustuhan naman niya ang nakita sa salamin nang suot na niya ang damit. She was still the simple Faith inside, she just appeared a little different. Napagpasyahan niyang ilugay ang maitim at unat na buhok at huwag nang isuot ang salamin niya sa mata. She used her contact lenses instead.

"Faith, aren't you done yet?" tawag ni Clifford mula sa labas ng kanyang kuwarto.

Natigilan siya at biglang naguluhan. Nagdalawang-isip siyang bigla kung lalabas. Hindi yata niya kayang magdamit ng ganoon sa harap ng maraming tao.

"Faith!"

"'A-andiyan na," tugon niya saka dali-daling

tinungo ang pinto at binuksan iyon. Sumungaw siya mula roon.

"Halika na. Lumalamig na yong pagkain natin," yakag nito.

May pag-aalinlangan man ay lumabas siya mula sa likod ng dahon ng pinto. Nakita niyang sandaling pinag-aralan ng binata ang kabuuan niya kaya napalunok siya.

"You don't have to wear clothes you're not comfortable with, Faith," walang kangiti-ngiting saad nito. "Sumunod ka na lang sa akin sa baba if you're really ready to go," dugtong pa nito. Tumalikod na ito at iniwan siyang natitigilan pa rin.

She sighed. Tila nagalit yata ito sa tagal niya. Hindi nga naman niya kayang magsuot ng ganoong damit, nagpilit pa siya. In the end she chose to go downstairs with her floral dress. Dapat panindigan niya ang pagsusuot ng damit na napili.

"I'm sorry I kept you waiting, Cliff," she apologized.

"That's okay. Maupo ka na."

Pinakiramdaman niya ito habang kumakain sila. May gusto siyang ipakiusap dito pero hindi siya

makakuha ng tiyempo. Naisip lang niya bigla ang ideyang iyon nang pababa na siya kanina.

"Cliff…" aniya nang magkalakas ng loob.

"Huh?" baling nito sa kanya habang nagpupunas ng bibig.

"Di ba may tiyahin kayo na nagtuturo ng personality development at may alam din sa beauty and fashion?"

"Yes, si Tita Beth. Why?" kunot-noong usisa nito.

"I need her help regarding my choice of wardrobe and my lack of self-confidence," aniyang di tumitingin dito. "I want to look good, Cliff."

"But you look good to me," he argued.

Isang mapanglaw na ngiti ang pinawalan niya. "Maybe you're right but I'm not good looking enough to attract men," ang tila bulong lang na sagot niya.

"Faith!"

"Sawa na akong pinagtatawanan because of the way I look. At lalong sawa na akong ikumpara sa kapatid ko. I don't want to hear criticisms from mean people anymore. Masyado na akong nasasaktan."

"Is that really your reason why you want to

change your image, Faith?"

---

Nakita ni Cliff na naging malikot ang mga mata ng dalaga.

"If you're doing this for yourself, then I'll be glad to help, but if you just want to get even for what happened with Christian, forget it. As I've said, the world won't stop spinning just because one guy stopped liking you. Sa tingin mo ba lahat ng lalaki panlabas na anyo mo lang ang titingnan?" pangaral niya.

"That's one factor. And it's beside the point. I want to change my image, Cliff," she said firmly without looking at him.

Napabuntong-hininga siya. Mukhang desidido na nga ang dalaga na baguhin ang imahe nito.

"Okay, I will accompany you tomorrow. Susunduin kita dito. 'That okay with you?"

"Yes, thank you, Cliff," nakangiti nitong tugon.

Matapos nilang kumain ng tanghalian ay umalis na sila papuntang Tagaytay kung saan naroon ang flower farm ng mga Villagonzalo.

"Hija! Mabuti nadalaw ka," salubong ng ina ni Clifford sa kanila.

"Oo nga po, Tita Ruth. High school pa ho kami ni Lalaine nong huling dalaw ko rito. Mabuti na lang po at naisipan ni Cliff na isama ako rito ngayon," anang dalaga matapos makipagbeso-beso sa ginang.

"Nagmumukmok na naman po kasi sa kuwarto niya, Ma, kaya kinaladkad ko na papunta rito. Para na rin po mainitan naman kahit konti 'yong balat niya. Ang putla na ho, o," nagbibirong saad niya.

"Makabubuti nga 'yong lumabas ka paminsan-minsan, Faith. 'Wag kang masyadong magpakaburo sa bahay. Sige ka, hindi ka makakapag-asawa niyan. Sayang ang ganda mo, Hija," susog ng ginang.

Nakita ni Cliff na saglit na natigilan ang dalaga sa sinabi ng kanyang ina.

"Ah, Ma, I'll show Faith around. Marami na ring nagbago rito."

"Oh, please, Hijo. I will join you in a minute. May tatapusin lang ako rito sandali."

Iginiya niya ang dalaga sa taniman ng mga rosas.

"Pagpasensyahan mo na si Mama sa sinabi niya."

Matagal bago ito sumagot. "Hindi naman siguro imposibleng makapag-asawa ako, Cliff, di ba?" baling nito sa kanya.

He studied her under his gaze. Pilit niyang binabasa ang ikinikilos nito. And he was not surprised to see loneliness in her eyes. Bumaba nga yata lalo ang confidence level ni Faith nang sa halip na makuha kay Christian ang vote of acceptance sa simpleng gayak nito ay na-in love kay Leah ang binata.

"Bakit mo naman naisip na hindi ka na makakapag-asawa?"

"For the very obvious reason that I haven't been in a romantic relationship since birth."

"But you still have a long way to go. Bata ka pa, Faith."

"Bata pa ba sa 'yo ang twenty-five, Cliff? Nasa marrying age na ako pero ni minsan di pa ako nagka-boyfriend o naligawan man lang. And my chances of having someone to love me the way I am is one in a million. Aminin mo man o hindi, unang napapansin ng mga lalaki ang panlabas na kaanyuan ng isang babae kaysa sa ugali. Kaya nga gusto kong magsisi why I lived by Lola Erlinda's ideals on being a true dalagang Filipina my whole life. Ngayon ko na-realize

na I can still be old-fashioned without compromising my looks. Hindi naman malaswa if I'll show some skin, di ba? Kahit siguro ikaw ang maging boyfriend ko, you'll still prefer a sophisticated girlfriend over an unfashionable hag. Aminin mong masasaktan ka rin kung pag-uusapan at pagtatawanan ako ng mga tao if I go on a date with you na balot na balot at mukhang nerd."

He was caught offguard by what she had said. Hindi niya malaman kung isasatinig ba ang hangaring makita ulit ang dalaga sa mala-Prinsesa nitong hitsura noong eighteenth birthday nito. Ang tagal din niyang hindi nakatulog nang maayos dahil lamang sa isang araw na transpormasyong iyon ng dalaga.

"I want people to remember me as the beautiful princess during my eighteenth birthday, Cliff. Kung hindi lang ako masyadong na-convince sa ideals ni Lola Erlinda I'd have changed my image right then and there," dugtong agad nito na wari'y nabasa ang naiisip niya. "I know natatakot ka that I'm doing this because of Christian. What for? Para akitin siya? Do you think magagawa ko iyon sa kanila? Kapatid ko pa rin si Leah."

Ginagap niya ang kamay nito. "I'm sorry if I doubted your intentions, Faith. Ayoko lang na

mapahamak ka. Marami ka pang hindi alam and… you're just way too innocent."

Nginitian siya nito. "I know, Cliff," anito. "Pero, di ba, that's why you're here? You'll help me face the realities of life. Hindi ko nga siguro kakayaning harapin ang masalimuot na mundo nang mag-isa but if you will be with me for a while, I'm sure hindi ako mapapahamak. I just want to become ready if ever ma-meet ko na ang prince charming ko."

"Uh-huh."

"At ikaw ang magtuturo sa akin about dating and courtship."

"Are you serious?"

"I am, Cliff. Gusto mo bang manatili akong naïve na madali lang malilinlang ng mga mapagsamantalang lalaki?"

"What do you want me to do then?"

"Be my exclusive date for a while. 'Tapos ituro mo sa akin ang iba't ibang strategy ng mga lalaki sa panliligaw."

"Kailangan pa ba iyon?"

"It's not necessary for me to have a real boyfriend

to experience the joy of having one, right?"

Napailing-iling siya sa kalokohang naiisip ng dalaga. "I'm not really convinced with this scheme, Faith."

Napasimangot ito. "Kung ayaw mo akong tulungan, then I will ask the first available man to do the job for me. I'll even pay him for that."

"That's blackmail. Alam mong hindi ko gugustuhing mapahamak ka at baka iyon ang mangyari kapag hindi ako pumayag," angil niya.

"Then you don't have a choice but to help me with this," ang pilya nitong tugon.

Napaungol siya sa kawalan ng magagawa. Tila yata biglang nawala ang konserbatibong dalaga na kilala niya mula pa pagkabata. Ang nakikita niya ngayon ay isang desperada at malungkot na dalaga.

*Mapapatay talaga kita, Christian, for making Faith act this way,* gusto niyang isigaw.

"Mukhang seryoso yata ang pinag-uusapan ninyo, Anak?" anang boses mula sa kanilang likuran.

"Kanina pa po kayo riyan, Ma?"

Napangiti ang mama niya. "Don't worry, Hijo, I

didn't hear anything. Halina kayo, ililibot ko kayo sa buong farm."

Clifford felt relived as his mother joined them. At least, hindi mapo-focus sa dalaga ang buong atensyon niya. Masyado na kasi siyang involved sa problema nito. Hindi niya sigurado kung ano ang tamang gawin. Though he wanted to help her, there was this small voice inside of him telling him to not even think about it. Na para bang sinasabi na may hindi magandang outcome ang ginawa niyang pagpayag.

"Thank you so much for showing us around, Tita Ruth. I'm really glad nakarating ulit ako dito after so many years,' ani Faith.

"Magpapaalam na rin ho kami, Ma."

"Uuwi na agad kayo? Why not stay for the night? May munting salu-salo kami ngayong hapunan kaya dito na kayo kumain. Hindi ba kayo napagod sa mahabang biyahe at magbibiyahe na naman kayo pauwi? Summer vacation naman kayo, Hija, so wala kang alalahanin. At ikaw, Clifford, don't tell me may trabaho ka bukas. Please, give yourselves a break, mga anak," litanya ng ginang.

Nagkatinginan ang dalawa. "Eh, wala ho akong damit na dala, Tita," si Faith ulit.

"That's not a problem, Hija. May mga damit diyan ang kaibigan mo na puwede mong magamit," anito. May ibinulong din ito sa dalaga.

"Ba't may pabulong-bulong pa po kayo, Ma?"

"'Wag mo nang alamin. It's a girl thing."

Nagkibit-balikat na lang siya. Nagpatiuna na niyang tinungo ang malaking bunkhouse ng flower farm.

---

"You look great, Hija," ang natutuwang sambit ng ina ni Cliff habang ginagawa ang finishing touches ng makeup sa mukha niya.

Hindi makapaniwala si Faith sa replikang nakikita sa salamin. She could no longer trace her old self in the way she looked now. Hindi man ganoon ka-expert si Tita Ruth sa paglalagay ng makeup, the older woman was still able to do considerable improvement on her simple beauty.

"Halika na. I'm sure namuti na ang mga mata ng kaibigan mo sa kahihintay sa atin," tila excited pang yakag nito.

Tumango siya bago tumayo. Sabay nilang tinungo ang pinto ng silid na ipinagamit nito sa kanya.

Pagbukas ng pinto ay nakita nilang inip na inip na ngang naghihintay si Clifford sa labas. Nakapamulsa ito and he was pacing to and fro. Pero nang makita sila ay saglit itong natigilan.

"I'm sorry pinaghintay ka namin, Anak," apologetic ngunit natatawang saad ng ginang. "Faith, sumama ka na kay Clifford pababa. May kukunin lang ako sandali sa aking kuwarto," baling nito sa kanya.

"Sige po," sagot niya.

"Halika na, Faith," ani Clifford. He offered her a hand para alalayan siya sa paglalakad.

"Are you mad?" usisa niya habang inaabot ang kamay nito.

"Should I be?" balik-tanong nito.

"Ewan ko sa 'yo. Ang alam ko kasi pag nagsalubong na 'yang mga kilay mo, you're either upset or angry."

Nagkibit-balikat ito.

Nagkakasayahan na ang mga tauhan ng flower farm pagbaba nila. Nakisalamuha sila sa mga naroon at ipinakilala siya ni Clifford sa mga ito lalo na sa matandang hardinero na siyang may kaarawan.

Later, when Clifford's mother joined them, the

celebration started.

"Is something bothering you, Cliff?" usisa niya. "Tahimik ka kasi simula pa kanina. 'Tsaka parang aburido ka. May problema ba?"

Napangiti ito. "Kilalang-kilala mo nga ako, Faith. I can't hide anything from you. But don't worry, I'm fine."

Tumango-tango siya kahit may pag-aalilangan pa rin. Alam niyang may bumabagabag kay Clifford kaya nababahala rin siya. Siyempre, kaibigan niya ito kaya nag-aalala siya rito.

She was already absorbed by her own thoughts when she saw him stand. Inilahad nito ang isang kamay.

"May I have this dance with you, Milady?"

Ngiti ang naging tugon niya. Inabot niya ang nakalahad nitong kamay. Then they went to the dance floor.

"Alam mo bang inggit na inggit sa akin kanina pa ang mga lalaking guests ngayon dito sa farm?" ani Clifford nang nagsasayaw na sila.

Umiling-iling siya.

"Naiinggit sila kasi pagmamasdan lang nila from afar ang pinakamagandang babae sa gabing ito. They all wanted to be near you but common sense tells them it's not proper 'coz you're with me. Akala nila girlfriend kita."

"Oh!"

"You heard it right. At 'wag sanang lumaki ang ulo mo sa sasabihin ko. You really are beautiful tonight, Faith."

It was her first time to hear such praise from a member of the opposite sex kaya hindi niya napigilang mag-blush. Kahit pa sabihing malapit na kaibigan niya ang binata ay kalahi pa rin ito ni Adan.

"Now that you seem bent on a total makeover, pihadong pag-aagawan ka ng mga lalaki, Faith," seryoso nitong nulas. "And that's what I'm afraid of. Isa pa, marami ka pang hindi alam sa mundo kaya natatakot ako para sa 'yo at sa maaaring kahinatnan ng lahat ng ito."

"Kasama kita kaya hindi ako mapapahamak, Cliff," ang nakangiting tugon niya. "At bakit ba lagi mong ipinipilit na wala akong masyadong alam? Maybe this is a good thing. Maybe I'll learn something out of this… change."

"Oh Faith," he groaned.

Hindi tiyak ni Clifford kung naiintindihan ba talaga siya ng dalaga. She was so idealistic and hadn't had a taste of how harsh life could be. She had been overly protected by her Lola Erlinda kaya limitado ang mga uri ng taong nakakasalamuha nito. Ang kilala nitong masasamang tao ay iyong mga may hindi magandang sinasabi tungkol sa hitsura nito. Bagaman alam nitong may mga mapagbalat-kayong tao sa mundo, duda niya kung talagang naka-encounter na ng ganoon si Faith.

Kaya ngayong ninais nitong na baguhin ang istilo ng pananamit at dagdagan ang pag-aayos sa sarili, it really bothered him. She was a looker, that was undeniable. Iyong klase ng mukha na hindi pagsasawaang tingnan. Simple man ang tabas ng damit na isuot nito ay talagang mapapanganga ang mga lalaki lalo na at tila babasaging kristal ang asal at kilos ng dalaga.

And she was so innocent in the game of love.

# 3

Walang nagawa si Clifford kundi ang makiayon na lang sa gustong mangyari ni Faith kaysa mapahamak ito sa gagawing transpormasyon. Mabuti na iyong kasa-kasama niya ito at siya ang magtuturo rito ng mga gusto nitong malaman.

Dinala niya rin ito sa Tita Beth niya para magabayan ito tungkol sa personality development at fashion sense umano na gaya ng gusto nitong mangyari. Bagaman hindi pa niya dinadala sa isang tunay na dinner date si Faith, naging madalas naman ang pagpunta nila sa kung saan-saan.

Naging punong abala rin sila sa welcome party niya kaya sa ngayon ay ipinagpaliban muna nila ang 'lessons' ng dalaga.

---

"Siya na ba ang panganay mo, Jaime?" usisa ng isang common friend ng dalawang pamilya.

"Definitely, Malou," sagot ng ama ni Faith. "'Yan na nga si Faith." Bahagyang nilingon ng matanda ang papalapit na anak.

"The world is constantly changing, really. Look at her, di ba may pagka-Manang at mahiyain ang batang 'yan noon? Ni hindi uma-attend ng party. Pero ngayon, magandang-maganda na at talagang confident sa harap ng maraming tao. And shall I say, she and Clifford really look good together."

"I agree, Malou," sang-ayon ng isa pang kasama ng mga ito sa mesa. "They'll make a lovely couple kung sakali."

"Here comes the couple of the night," anang isa pa. Nagtagal ang tingin nito sa naglalakad na pareha.

"How's everyone?" bungad ni Clifford sa mga ito. "I do hope you're enjoying the night."

"Hindi pa kami nakapag-ballroom dancing, if that's what you're asking," tugon ni Engr. Alfredo Villagonzalo, ang ama ni Clifford.

Tila naging hudyat ang sinabing iyon ng ginoo para magsitayuan ang lahat ng nasa mesa at tunguhin ang dance floor.

"Tayo naman ang maupo, Cliff," ani Faith sabay upo sa pinakamalapit na upuan. Di rin napigilan ng dalaga na alisin ang suot na high heeled sandals.

"Your feet must be really tired, Faith, kanina

ka pang nakatayo," Clifford commented. There was mischief in his smile.

"Uh-huh. The same is true with my jaws. Malapit na akong magka-lock jaw sa kaka-smile," natatawang tugon ng dalaga.

"Halika sa loob. Mamasahehin ko 'yang mga paa mo. Mukha namang enjoy na ang lahat sa dance floor kaya di na ako kailangan dito," yaya niya.

Muling isinuot ng dalaga ang tinanggal na sapin sa paa saka inabot ang nakalahad niyang kamay. Agad silang pumasok sa loob-bahay at tumuloy sa sala. Pasalampak na naupo si Faith sa mahabang sofa.

"Oh! My heels are really throbbing in pain," she murmured. Sinubukan pa nitong hilutin ang isang paa.

Pumuwesto siya sa paaanan nito at siya na ang nag-alis ng sandals nito. Sinimulan niyang hilutin ang magkabilang paa ng dalaga. Napapikit ito sa ginawa niya.

Ilang minuto na rin niyang minamasahe ang isang paa nito nang mapansing di na ito tumitinag sa pagkakaupo. Banayad na ang paghinga nito hudyat na nakatulog na ito. Napangiti siya sa nakita.

*You really are beautiful, Faith,* naisip niya.

Maihahalintulad niya ang dalaga sa isang ligaw na bulaklak na ngayon pa lang nagsimulang mamukadkad. This flower has been taken for granted for a long time and now that it was beginning to reveal its real beauty, everybody wants to uproot it from the ground.

Para siyang tinadyakan sa sikmura sa naisip. Hindi yata siya makakapayag na basta na lang mapunta sa kung kaninong lalaki ang dalaga. Faith deserved the best that was why he must protect her.

She must not settle for less.

*Pero ano'ng karapatan ko para gawin iyon?* anang isang bahagi ng utak niya.

Naipilig niya ang ulo sa mga naiisip. Isang malalim na buntong-hininga ang pinawalan niya bago tumayo. Inalis niya ang overcoat na suot at ipinatong iyon sa magkabilang balikat ng dalaga. Napadilat ito pagsayad ng tela sa balat nito.

"Nakatulog na pala ako," namamaos na saad nito.

"You slept like an angel."

"Thanks for the massage, Cliff. Nawala na 'yong

pangangalay ng mga paa ko," nakangiting pasalamat nito. "I guess I have rested enough. Everybody outside must be looking for you."

Muli silang lumabas sa bakuran para makisaya. And this time hindi na nakaligtas si Faith na uminom ng champagne nang mag-propose ng toast ang isang importanteng kliyente ng binata.

"Are you okay?" Clifford whispered as she emptied her wine glass.

"I guess I am," she replied. "But I think I have to go to the ladies' room."

Nakita niyang gumuhit ang pag-aalala sa mukha ng binata.

"Don't worry about me, Cliff. I'm fine. Call of nature lang," she assured him.

Nang makita niyang tumango ito ay nagpasintabi siya sa mga naroon sa umpukan nila at dali-daling nagbanyo. Ang totoo ay naramdaman talaga niya ang pagsayad ng alak sa sikmura niya kanina at biglang uminit ang pakiramdam niya. And she thought she needed an escape. Pero hindi rin siya nagtagal sa banyo.

"Hello, Miss Beautiful," salubong sa kanya ng

isang matangkad na lalaki.

Isang kiming ngiti ang itinugon niya.

"Are you from Architect Villagonzalo's old circle of friends? Ngayon lang kasi kita nakita," anito na sumabay na sa paglalakad niya.

"I'm sorry but I don't usually talk to strangers," she said. Binilisan niya ang paglalakad. Pero malas namang natapilok siya, marahil dahil hindi pa siya masyadong sanay magsuot ng high heels o dala na rin ng nainom.

"Hey! Careful. 'Wag ka kasing magmadali. I'm harmless. Name's Tom, Tom Ferrer. I'm a businessman," anitong agad siyang inalalayan.

"Get your hands off her, Tom," a voice ordered.

Napaangat ang tingin niya and she was glad to see Clifford. Patakbo siyang lumapit dito.

"Are you okay, Faith?" Clifford asked.

"I was just helping your girlfriend, Cliff," Tom explained.

Tinapunan ng tingin ni Clifford si Tom, pero hindi ito sumagot.

"Halika na," sa halip ay sabi nito sa kanya.

Walang imikang bumalik sila sa mesa. Wala na roon ang mga kasama nila. Ang iba ay bumalik sa dance floor, tila di nagsasawa sa pagsasayaw.

“Magpapakapanis na lang ba kayo ng laway dito, Hija?” anang mama niya, si Delilah Zobel.

“Oo nga, Hijo. Hindi ko pa kayo nakitang sumayaw ni Faith,” susog ni Ruth.

Nilingon siya ng binata. Nagkibit-balikat lang siya.

“Well, shall we?” anitong inilahad ang kamay.

Tinanggap niya iyon sabay tayo. Tahimik silang nagsayaw. Hindi maintindihan ni Faith kung bakit nagkaroon ng tensyon sa pagitan nila ni Cliff matapos ang insidente sa labas ng restroom. Ano ang kinalaman ng lalaking nagpakilalang Tom para mag-iba ang timpla ni Clifford?

Nangangalahati na ang tugtog nang maramdaman niya na parang nahihilo siya kaya agad siyang sumandig sa dibdib ng binata.

“I’m feeling a bit dizzy,” she murmured.

“You want us to sit down now?”

“Oh no, not yet, Cliff.”

Gusto pa niyang namnamin ang kaaya-ayang pakiramdam habang payakap na kasayaw ang binata. She felt so secure in his arms as if no one could hurt her.